SANGGUNIANG BAYAN

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MUNICIPALITY OF **Muntinlupa**
METROPOLITAN MANILA

KAPASIYAHAN BILANG 90-140

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG BUONG PAGSUPORTA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA EXECUTIVE ORDER 392 NG PANGULO NG PILIPINAS NA BINUBUO ANG METROPOLITAN MANILA AUTHORITY (MMA)

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang kapangyarihan na repasuhin (Power of review) ng Metro Manila Authority ay limitado lamang sa mga kautusang bayan at kapasiyahan na mangangailangan ng koordinasyon tulad halimbawa ng pangangasiwa sa trapiko (traffic management) at pangongolekta ng basura (garbage collection);

SAPAGKAT, higit na makakabuti ngayon ang Metro Manila Authority dahil may popular representation na ang bawat bayan at lungsod sanh ng bumubuo nito ay ang labimpitong (17) punong bayan na pawang halal ng bayan/lungsod at hindi ng iisa o hinirang lamang na gobernador;

SAPAGKAT, upang maitaguyod ang lokal na kasarinlan (local autonomy) dahil ang magpapasiya ay ang labimpitong (17) punong bayan na pawang mga halal ng bayan/lungsod;

SAPAGKAT, malaking halaga ng salapi na kita ng bayan/lungsod and hindi na ipadadala o ireremit sa Metro Manila Authority at ang salaping ito ay magagamit na sa mga ibang makabuluhang proyektong pambayan;

SAPAGKAT, ang konseptong "metropolitanism" ay subok na nakabuti sa mga maunlad na bansa tulad ng Estados Unidos (US), Hapon (Japan) at Canada;

NGAYON, DAHIL DITO ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na ipahayag ang buong pagsuporta sa Executive Order 392 ng Pangulo ng Pilipinas na binubuo ng Metro Manila Authority.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, sa kanilang pang 96 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-5 ng Marso 1990.

PINAGTIBAY:

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

MGA SUMANG-AYON:

Kgg. C. TENSUAN
Kgg. L. CONSTANTINO
Kgg. R. SMITH
Kgg. R. JOAQUIN
Kgg. N. MOZO
Kgg. R. NIEFES
Kgg. N. DIAZ

HINDI BUMOTO/ NAKILAHOK

Kgg. R. BULAY

HINDI DUMALO

Kgg. Espeleta
Kgg. A. MARTINEZ
Kgg. V. CHUA
Kgg. J. FRESNEDI

Reference: 842-2921 or 842-2377